



Sabi na nga ba at hindi siya matitiis ni Ellen. Agad itong nagpakita sa kanya para sabihing nagbago na ang isip nito at nagpasya nang tanggapin ang kanyang wedding proposal.

Halos magtatatalon na si Jude sa tuwa, nawiwirduhan na marahil ang mga taong napapadaan sa park na iyon dahil kulang na lang tumalbog siya. Hinawakan niya ang dalaga sa mga kamay.

“Talaga, Ellen?” Niyakap niya ang babae. “God, Ellen, ako na ang pinakamasayang lalaki sa buong mundo!” Pinakawalan niya ito at hinawakan sa mukha. “Pakakasalan kita sa pinakamagandang simbahan, Ellen. Iimbitahan ko ang mga kamag-anak ko sa probinsya, sila Erick...” Tuluy-tuloy ang pagsasalita ni Jude dahil sa sobrang excitement. “Hindi ka pa nga pala nakikilala ng barkada. Ito na siguro ang tamang panahon na makilala ka na nila—”

“Jude,” seryosong putol ni Ellen sa sinasabi niya. “Tahimik na kasal ang gusto ko. A civil wedding. Masyadong... masyadong magarbo, magastos at matagal ang preparations for a church wedding, I can’t wait that long. Gusto ko iyong tayo lang.”

Lalong siyang napangiti at inilapit ang mukha sa dalaga. “My God, Ellen. Me too.” He was almost breathless. “I can’t wait.”

Hindi kagandahan si Ellen Estabillo, maliit lang itong babae, may mahaba at kulot na buhok, morena—pero hindi ganoon kaimportante kay Jude ang panlabas na hitsura.

Halos isang taon na rin niyang girlfriend si Ellen at ewan, pero nagustuhan niya ito dahil magkasundo sila sa lahat ng bagay. Pareho sila ng mga bagay na gusto, pareho ng mga opinyon sa lahat ng bagay.

They were not just compatible, they were meant to be.



Sa wakas ay dumating ang araw na pinakahihintay ni Jude—ang araw ng kasal nila ni Ellen.

Ito na yata ang pinakamasayang araw sa buhay ng lalaki—July 22, 2014. Ikakasal na sila ng kasintahan.

Natapos ang palitan ng “I do’s” at kapansin-pansin man ang panay na pag-ubo ng kanyang bride at ang kakaibang boses nito ay binalewala na lamang ni Jude. Pero hindi niya mabalewala nang nalaman niya na sa ilalim ng belo ay ibang mukha ang kanyang masusumpungan.

Ayaw niyang mapahiya sa harap ng judge, at sa harap ng mga kaibigang nag-witness ng kasal kaya nagkunwari na lang siya na si Ellen talaga ang estranghera. Kaya naman pala kahit civil wedding ay naka-belo ito—para matakpan ang mukha. Nakasuot ito ng high heels at simpleng dress na hanggang tuhod.

Napalunok si Jude nang nasa “Kiss the Bride” portion na sila. Sa sobrang respeto niya sa *totoong nobyang* si Ellen, ni hindi niya ito nahalikan man lamang sa mga labi. He was planning to give her her first kiss on their wedding day.

At ngayon kung kailan plano ni Jude na halikan ito, ibang mukha ang kaharap niya.

Mas matangkad ang estranghera kaysa kay Ellen, at maputi

ito. Hindi niya napansin ang kulay ng balat nito dahil sa puting stockings at gloves.

She was *stunning*, maybe because of her brown eyes. Ibang-iba iyon sa itim at bilugang mga mata ng Ellen na nakilala niya. Deep-set ang mga mata ng kaharap niya, at mukhang may-sa-Espanyola pa, pero wala siyang pakialam kahit ito pa ang pinakamagandang babaeng nakita niya.

Naghihimagsik ang damdamin ni Jude dahil hindi ang nakilala niyang Ellen ang babaeng ito.

Sa sobrang galit, marahas niyang hinagkan ang estranghera sa mga labi. Hindi pa siya hihawalay kung hindi pa ito mismo ang nagtulak sa kanya palayo. Nagpalakpakan ang mga witnesses—kaibigan ni Jude na sina Erick, James at Luke, gayundin sina Sandy at Rhea na mga pinsan ni Ellen.



“Umupo ka!” sigaw ni Jude nang makarating sila ng pekeng Ellen sa hotel.

Nagulat si *Ellen*, pero nagulat lang siya sa sigaw ni Jude. Expected na niya na magre-react ito ng hindi maganda. Nagtataka nga siya na hindi ito nagwala sa mismong oras ng kasal *nila* kanina.

Unfortunately, her cousin won this time. Si Stella, ang pinsan niya, ay nagpanggap na siya para lamang ihanap siya ng mapapangasawa. Si Stella ang Ellen na kilala ni Jude.

Hindi pa naman siya naghahabol sa kalendaryo. Twenty-two years old pa lang siya. Namatay ang mga magulang niya noong seventeen siya, at para sa mga pinsan niya, kailangan niya ng

mag-aalaga at magmamahal sa kanya. Dahil hindi siya willing na maghanap ng asawa, dinan siya sa dahas ng mga pinsan. At si Stella nga ang naghanap ng fiancé para sa kanya.

Na-realize ni Ellen na tumatanda na ang mga pinsan niya at dahil sa lumaki siyang spoiled at bini-baby, they thought that she would need a babysitter in the form of a husband. Malamang gusto na rin ng mga pinsan niya na lumagay sa tahimik, kaya sinigurong nasa maayos muna siya.

Pero maayos nga ba?

Komplikado ang lahat. Heto at namumula na sa galit si Jude.

“Nasaan si Ellen?” sigaw sa kanya ng lalaki habang niluluwagan ang suot na neck tie. “Sino ka?”

“I *am* Ellen,” she answered honestly.

“Bullshit!” Inihagis nito ang coat sa kama. “Wala akong oras makipaglokoan sa ’yo!”

Tumayo siya. “Ako nga si Ellen! Yung nagpakilala sa iyong Ellen is my cousin, si Stella.”

“Nasaan siya?” Bumaba ang boses nito. Pero nang hindi nakasagot si Ellen ay sumigaw ito. “Nasaan sabi si Ellen?”

“Si Stella,” correction niya. “Huwag mo na siyang hanapin—”

“Siya ang girlfriend ko, hindi ikaw! Sa kanya ako nag-propose, hindi sa ’yo!”

Napabuntong-hininga na lang siya. “Well, I don’t like this set-up either.”

“Hah!” Ipinatong nito ang isang paa sa gilid ng kama at hinawakan siya sa baba. “Hindi mo gusto? Why did you cooperate then?”

Pumiksi si Ellen sa hawak nito. “I did it for my cousins. And please, huwag mo nang hanapin si Stella. May boyfriend na siya, matagal na.”

“Boyfriend?” Nagmura ito. “Kung may iba na pala siyang gusto, bakit hindi na lang niya ako hiniwalayan? Bakit ipinakasal pa niya ako sa ’yo?”

Nagsimula nang magkwento si Ellen, nagpaliwanag siya. Naupo si Jude sa tabi niya, naiiling.

“Bullshit. That’s a load of crap, missy. You are twenty-two! Hindi ka mawawalan ng mapapangasawa!”

“Tama ka diyan,” aniya. “I tried to tell my cousins that!”

Sumama lang ang tingin nito sa kanya. “Putcha. Paano na ’yan, eh, kasal na tayo?”

Napasimangot lang siya. “I’m sorry—”

“Shut up.” Tumalikod ito saka naghubad ng polo. Agad na tumalikod si Ellen.

“Get used to it, woman,” angil ni Jude, nakitang nagtakip ng mukha ang *asawa*. “You are going to see more than this.”

“What do you mean?”

Humiga na ang lalaki sa kama, patalikod sa kanya.

Napabuntong-hininga si Ellen. She felt relieved. Her virginity was safe for tonight.